

Physical Education

Ang Physical Education (PE) ay isang programa kung saan natututo ang mga mag-aaral ng iba't-ibang galing kaugnay sa kalusugan at mabuting pangangatawan. Kasama dito ang gymnastics, palaro, sayawan at maraming sport na pang-indibiduwal at pang-grupo. Meron din silang gawain na nagpapatatag ng lakas, tibay at kakayahang bumaluktot..

Natututo rin ang mga mag-aaral ng tamang pag-alaga sa sarili para maging malusog at malakas.

Sino ang kumuha ng PE?

Ang Kindergarten hanggang Grade 10 na mag-aaral ay palaging **kina-kailangang** kumuha ng PE.

Ayon sa Ministry of Education kinakailangan **din** na lumahok sa Daily Physical Activity (DPA) ang lahat na mag-aaral.

Kindergarten: 15 minutos ng DPA.

Grades 1 hanggang 9: 30 minutos ng DPA.

Grades 10 hanggang 12: Kinakailangang i-dokumento ng mga mag-aaral ang minimum na 150 minutes ng DPA bawat linggo. Ang DPA ay bahagi ng Graduation Transition Program.

Bakit mahalaga ang PE? Ano ang benepisyo ng programang PE para sa iyong anak?

Ang Ministry of Education ay naniniwala na ang mga mag-aaral na malusog at matibay ay nakakapag-aral ng mas mabuti at nagiging malusog na indibiduwal.

Sinusupportahan ito ng pananaliksik na nagpapatunay na ang pisikal na mga gawain ay nakakatulong sa mga mag-aaral na:

- Mabuo ang kakayahan sa pagiging lider at teamwork ;
- Pampatanggal ng stress at pagpapabuti ng self-esteem;
- panatilihin ang malakas at malusog na katawan at panangga ng katawan; at
- magkaroon ng mas maraming lakas at mapabuti ang pag-gawa ng gawaing pang-eskwela.

May ilan-ilang pananaliksik na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na aktibo sa pisikal na pamamaraan ay nagpapakita ng mas positibong saloobin, pinakamahusay na performance sa akademiko at may mas magandang attendance.

“Fine Arts and Physical Education”



“Fine Arts at Physical Education”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada



WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Fine Arts at Physical Education



Mga Sagot sa Pangkaraniwang Tanong

Ano ang mga programa ng Fine Arts ?

Kasama sa programa ng Fine arts ay pagguhit, iskultura, ceramics, at textiles, drama, choir, band, at pagsasayaw.

Ang iba't-ibang eskwelahan ay nagbibigay ng iba't-ibang programa..

Nais ng BC Ministry of Education na malinang ang kakayahang pisikal, pagiging malikhain, pakikipagkapwa-tao at pang-katalinuhang aspeto ng mag-aaral. Isang paraan sa pag-abot ng adhikaing ito ay ang pagsali sa Fine Arts (FA) at Physical Education (PE).

Ang FA at PE ay may partikular na pakinabang sa mga mag-aaral ng Ingles sa iba't-ibang eskwelahan.

Pinapakita ng pananaliksik na ang mga mag-aaral na sumasali sa programang Fine Arts ay nakakatulong sa paglinang ng mga sumusunod na kalidad at kasanayan:

- kritikal at malikhaing pag-iisip;

- pinabuting pagpapahalaga sa sarili at pagiging bukas sa pakikiharap sa panganib; at

- mahusay makibagay sa ibang tao.

Ang mga kakayahan na ito ay nakakatulong upang pagyamanin ang mga indibiduwal na maging handa sa pagtatrabaho.



Ang programang Visual Arts (pagguhit, pagpintura, etc.) ay nagbibigay ng sumusunod na pakinabang sa mga mag-aaral:

- pagkakataon na maihayag nila ang kanilang mga sarili sa pamamaraan na hindi kailangan ng mataas na antas ng wika;

- paraan ng pagsabi kung sino sila, saan sila nanggaling, at kung ano ang kanilang paniniwala;

- pagkakataon para linangin ang kakayahan sa pagiging malikhain, paglutas ng problema at kritikal na pag-iisip;

- positibong kaginhawaan mula sa stress; at

- pagkakataon para linangin ang espesyal na kakayahan at talento na pagyamanin ang habang-buhay na pagpapahalaga sa sining.

Ang programa ng Drama (acting, pagdidirihe, etc.) ay nagbibigay ng sumusunod na pagkakataon sa mga mag-aaral para:

- magsalita ng Ingles sa nakakahikayat na kapaligiran;

- sumali sa mga pagsasanay na nakapokus sa pagbabasa, pakikinig, at pagsasalita sa pamamagitan ng pagsasanay sa tamang pagbigkas at intonasyon;

- mapabuti ang pag-unawa ng balangkas, karakter at setting ng kwento; at

- malutas ang problema, magtutulongan bilang grupo, at malinang ang kakayahang mamuno.

Ang Programang pang-koral (pagkanta) ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na:

- malinang ang kakayahan sa pananalita;

- magsanay ng tamang pagbigkas;

- maging maalam sa grammar at pagbigkas ng iba't-ibang anyo ng Ingles, mula sa tradisyonal hanggang sa makabago;

- pagyamanin ang pagpapahalaga sa iba't-ibang istilo ng musika; at

- magtutulongan bilang isang grupo.



Ang programa ng Banda at Instrumento ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na:

- maihayag nila ang kanilang mga sarili sa pamamaraan na hindi kailangan ng mataas na antas ng wika;

- positibong kaginhawaan mula sa stress;

- ipakita na ang praktis, pasensiya, at disiplina ay magdadala sa yo sa tagumpay;

- pagyamanin ang pagpapahalaga sa iba't-ibang istilo ng musika;

- magkaroon ng mga kakayahan na panghabang-buhay; at

- magtutulongan, makipagkaibigan, at magkatuwaan.

Kausapin ang counsellor ng iyong anak para malaman ang programang Fine Arts na binibigay sa eskwela.